# KAPASIYAHAN BLG. 2019-134

**"HUMIHILING SA BUTIHING SENADOR NG PILIPINAS, IGG. EMMANUEL JOEL VILLANUEVA, NA NAWA'Y MABIGYAN NG MAKINARYANG GINAGAMIT PARA SA NEWBORN HEARING SCREENING TEST ANG PAMAHALAANG BAYAN NG BUSTOS, BULACAN."**

---

*Pinagtibay sa mungkahi ni:*
**Igg. Juliet DJ. Dela Cruz**
at
**Igg. Jonalyn S. Ortega-Santos**

---

**SAPAGKAT**, iniuutos ng Batas Republika Blg. 9709 "Act That Establishes the Universal Newborn Hearing Screening for the Prevention, Early Diagnosis, and Intervention of Hearing Loss".

**SAPAGKA'T**, isinasaad sa nabanggit na batas na ang isang sanggol na Pilipino ay dapat sumailalim sa isang pagsusuri sa pagdinig bago pa mapalabas mula sa ospital;

**SAPAGKA'T**, mayroong Bustos Comminity Hospital sa Bayan ng Bustos na maaaring puntahan sa panahon ng pangangailangang medikal subalit ito ay kulang sa gamit;

**SAPAGKA'T**, pinapahalagahan ng Pamahalaang Bayan ng Bustos, Bulacan ang kalusugan ng bawat isang mamamayan lalo't higit ang mga nasa mababang antas ng buhay;

**SAPAGKA'T**, sa ginawang pagpupulong ay napatunayang mas mapapabuti kung maitataas ang antas ng serbisyong medikal upang makatulong sa mas madaming mamamayan ng Bustos maging mga karatig bayan nito.

**DAHIL DITO**, sa mungkahi ni **IGG. JULIET DJ. DELA CRUZ** at **IGG. JONALYN S. ORTEGA-SANTOS** na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat ng mga dumalo sa pulong na ito;

**IPINASIYA,** gaya nang dito ay **IPINAPASIYA**, na humiling sa butihing Senador ng Pilipinas, Igg. Emmanuel Joel Villanueva na nawa'y mabigyan ng makinaryang ginagamit sa Newborn Hearing Screening Test ang Pamahalaang Bayan ng Bustos, Bulacan.

**PINAGTIBAY,** ngayong ika-5 ng Nobyembre taong Dalawang Libo at Labing Siyam sa Bulwagang Amado S. Raymundo, Poblacion, Bustos, Bulacan.

**Juliet D.J. Dela Cruz**
Kasangguni

**Jonalyn S. Ortega-Santos**
Kasangguni

**Toni Flor H. De Guzman**
Kasangguni

**Rosette G. Pangilinan**
Kasangguni

**John Errick L. Perez**
Kasangguni

**Aljhaneal E. Quiñones**
Kasangguni

**Melvin H. Melencio**
Kasangguni

**Gemar Aldrich M. Cruz**
Kasangguni

**Martin SJ.Angeles**
ABC President

**Angelica L. De Leon**
SK President

**Arnel F. Mendoza**
Pangalawang Punong Bayan at
Tagapangulo ng Sangguniang Bayan

—— ■ ——

Pinatutunayan ko ang Kawastuhan at Katotohanan na ang nakatitik sa itaas nito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan ngayong ika-5 ng Nobyembre taong Dalawang Libo at Labing Siyam.

**ATTY. GERARDO S. BRIASA**
Kalihim